

Artikulasyon ng Katutubong Pilosopiya

Articulation of Indigenous Philosophy

Florentino T. Timbreza

Pamantasang De La Salle, Pilipinas

University of Sto. Tomas, Pilipinas

florentino_timbreza@yahoo.com.ph

Abstrak: Sa atas ng likas na pangangailangan ay lumikha ang tao ng kultura upang mabuhay sa mundo, kung saan siya isinilang na wala sa kaniyang kaalaman at pagkatapos ay mamamatay naman siya laban sa kaniyang kalooban. Nakapaloob sa kaniyang kultura ang iba't ibang paraan at mga sistema ng kaniyang paglutas sa samot saring suliranin para lamang mananatiling buhay; bukod sa kaniyang katutubong wika—bilang tagadala ng pag-iisip at instrumento ng komunikasyon—ay kasama na rito ang pagbalangkas ng ilang katutubong pananaw bilang panuntunang-paliwanag o panukatang-pagkukuro at kasagutan sa kakumbakitan ng buhay-tao. Kailangan niya ang mga ito upang maibsan at mabigyang-kasiyahan ang kaniyang likas na pagkauhaw sa kaalaman at ang kaniyang pagtugis sa katotohanan. Dahil ito, ang bumubuo ng kaniyang mga katutubong pilosopiya sa buhay.

Mga Susing Salita: kultura, katutubong karanasan at wika, katutubong pilosopiya, panuntunang-paliwanag, panukatang-pananaw, tambalang yin-yang, konsepto ng nirvana, metapora ng gulong, labintatlong kaibigan ng tao, sariling-disiplina

Abstract: *By force of natural necessity, man invented culture if only to survive in a world where he was born without his knowledge and then he is going to die against his will. His culture consists of the various ways and means, the systems and methods conceptualized and established by which to resolve myriad problems if only to survive and continue living. Aside from indigenous language—as the carrier of thought and the vehicle of communication—is the articulation and formalization of indigenous world-views which serve as a mental frame of reference or a frame of orientation that quenches man's natural thirst for knowledge and his search for truth and meanings. In effect, these world-views constitute his indigenous philosophy of life.*

Keywords: *culture, indigenous experience and language, indigenous philosophy, frame of reference, conceptual framework, point of valuation, yin-yang polarity, concept of nirvana, the wheel metaphor, the 13 friends of man, self-discipline*

Panimula

Magkabigkis ang tao at ang kultura sapagkat ang tao mismo ay siyang bumalangkas ng kultura, at ang kultura naman ay siyang bumubuhay sa tao. Kaya kung walang tao ay walang kultura at kung walang kultura ay tiyak na hindi mabubuhay ang tao. Nakapaloob naman ang katutubong pilosopiya sa kultura mismo sapagkat patungkol ang una sa mga hugis ng pag-iisip, tuntuning moral, at mga pananaw na binuo ng tao bilang gabay niya sa pagpapaliwanag at patnubay sa pagpapakahulugan tungkol sa iba-ibang pangyayari sa buhay at sa daigdig. Ito ang pangkalahatang paksang-tema ng ating paglalahad sa buong sanaysay.

Kahulugan ng Kultura

Ano nga ba ang kultura? Tumutukoy ito sa kabuuan ng mga katamuhan, mga gawain, katutubong wika o wikain, mga pagpapahalaga, kaalaman at mga pananaw, at mga natutuhang huwaran ng pag-uugali o asal-panlipunan at paraan ng pamumuhay sa isang takdang panahon ng isang lahi o ng mga tao. Ang pamilya ay siyang pangunahing galamay ng kultura at kabilang na rin ang pamayanan, paaralan, pananampalataya, pamahalaan at ang midya (Hunt *Sociology* 1-5).

Bawat tao ay isinilang sa isang kultura at wala ni sinumang maaaring isilang sa labas nito, sapagkat ang pamilya mismo ay siyang instrumento ng kultura. Dahil dito, wala ni sinumang nauuna sa kaniyang pamilya sapagkat ang bawat tao ay maaaring umiral at ipanganak lamang sa pamamagitan ng pamilya na siyang sakop o bahagi ng kultura. Ang mga magulang—ang ama at ang ina—ay siyang mga pangunahing tauhan ng pamilya na siyang tagadala at tagapaglipat ng kultura. Dala-dala nila ang kultura na kanilang minana mula sa kani-kanilang mga magulang at ililipat na naman ito sa kanilang mga anak; gayundin ang mga anak sa kanilang magiging mga supling.

Samakatwid, ang kultura ay ang pinagmana-manahang proseso ng pamumuhay at mga pagpapahalaga ng mga tao sa isang takdang lugar at panahon. Palipat-lipat ito mula sa isang henerasyon papunta naman sa susunod at magpapatuloy ang prosesong ito habang may tao sa mundo. Kapag wala ng tao ay wala na ring kultura, sapagkat tanging ang tao lamang ang lumikha at patuloy na lumilikha ng kultura.

Marahil, ang kauna-unahang tao lamang [ang kanununuan] ang masasabing nag-umpisa sa wala.

Natuto siyang mabuhay para makaligtas sa mga panganib na dulot hindi lamang ng malupit at marahas na kalikasan—tulad ng lindol, bagyo, sakit, baha, at iba pang kalamidad—kundi ng mababangis na hayop sa kaniyang kapaligiran. Unti-unti siyang bumalangkas at lumikha ng iba't ibang pamamaraan ng paggawa at ng pamumuhay upang mapawi ang kaniyang pagkagutom at upang magtagal ang kaniyang buhay.

Ang tinurang iba-ibang paraan ng pamumuhay at paggawa ay bumuo sa kaniyang kultura na ipinamana niya sa kaniyang naging mga anak. Hindi na nagsimula sa wala ang kaniyang mga anak; hinubog na sila ng kulturang binalangkas ng kanilang mga magulang. Gayundin ang bawat isa sa atin ngayon. Napalipat din sa atin ang kultura ng ating mga magulang at naging mga guro. Ang kulturang minana natin mula sa ating mga magulang at mga ninuno o mga nakatatanda ay hindi lamang pamantayan ng ating pammumuhay sa kasalukuyan, kundi hulmahan din ng ating pagkatao.

Tayo ngayon ang naging bunga ng kulturang minana natin, o di kaya'y ng natutuhan natin mula sa ating pag-aaral at pakikipag-ugnayan sa ating kapuwa-tao; ang ating ginagawa naman ngayon ay magiging karugtong ng kulturang pamana sa atin at ito ang lilingan naman sa mga sumusunod sa atin; at durugtungan din ng mga susunod pang salinlahi ang anumang maisasagawa at mababalangkas natin sa ating sariling henarasyon.

Kaya masasabing mayroong dalawang uri ng kultura: Una, yaong kinagisnan natin, at ang pangalawa, yaong kasalukuyan pang isinasagawa natin. Tumutukoy yaong kinagisnan nating kultura sa lahat ng pamanang-yaman at kaalaman ng isang lahi na nakapaloob sa iba't ibang panitikan at pasalitang tradisyon ng mga taong-bayan. Kasama na rin ang mga pisikal at espiritwal na aspekto ng kultura. At yaong kasalukuyang isinasagawa pa natin ay binubuo naman ng ating mga ginagawa, isinusulat, at binabalangkas sa kasalukuyan na magiging bahagi naman ng mga kinamulatan nating kalinangan. Ang pagbabalangkas na ito ay magpapatuloy habangbuhay, habang may tao sa mundo.

Mistulang isang tanikala ang pagkakabit-kabit at pagkakarugtong ng mga magkakasunod na daloy ng kultura ng sambayanan o sangkabansaan. Ito ang dahilan kung bakit ang ating nakaraan—maging ito man ay pangkasaysayan o pangkultura—ay mayroong malaking kaugnayan hindi lamang sa ating

kasalukuyan kundi pati na sa ating hinaharap. Tayo ang nakaraan sapagkat tayo rin ang naging bunga ng nakalipas na panahon. Bilang mga tagapagdala ng kultura ng nakaraan, tayo rin ang tagapaglipat nito sa hinaharap kaya bahagi rin tayo ng kinabukasan.

Ating maitatanong: Bakit lumikha ang tao ng kultura? Sapagkat lubhang kailangang-kailangan niya ito upang mabuhay. Hindi mabubuhay ang tao kung walang kultura pagkat nakapaloob sa kaniyang kultura ang mga tanging pamamaraan upang makapamuhay siya nang maayos at matiwasay, masaya at matagumpay (Hunt *Sociology* 5-10). Kaya kung gaano kahalaga, halimbawa, ang tubig para sa isda, gayundin ang halaga ng kultura para sa tao. Ating isipin ang isda sa loob ng isang akwaryum, o kaya’y sa isang palaisdaan: Kung matutuyuan ng tubig ang tinurang akwaryum o palaisdaan ay tiyak na mamamatay ang isda. Tulad din ng tao, kung masisira ang kaniyang kultura, hindi siya magtatagal sa buhay. Mababanaag sa metaporang ito na ang kultura ay mistulang isang mahalagang “tahanan” ng tao na siyang nagdudulot sa kaniya ng kaligtasan, kaayusan, katahimikan, at kapayapaan.

Muling matatalastas na naman dito ang tanging kahalagahan ng kultura sa buhay ng tao, sapagkat kaagapay niya ang kultura mula sa kaniyang pagsilang hanggang sa kamatayan. Alalaumbaga, ipanganak ang tao sa pamamagitan ng kultura, mabubuhay, lumalaki, umuunlad, mag-aaral, at mag-aasawa sa pamamagitan ng kultura, at ihahatid din siya sa libingan sa pamamagitan ng kultura. Kaya ang kultura ay siyang magkakaloob sa tao ng isang mahusay na pagsilang, maunlad na pamumuhay, at isang maayos na pagkakahimlay kapag siya ay mamatay. Kaya naman sabi ng mga sosyologo at mga antropologo, tila бага ang kultura ay mistulang semento na siyang bumibigkis sa lahat ng miyembro ng lipunan upang maging animo’y isang buhay na organismo.

Katutubong Pilosopiya

Ano nga ba ang tinataguriang katutubong pilosopiya? Tulad ng nabanggit na sa itaas, mahalagang bahagi rin ng kultura ang mga katutubong pag-iisip at pananaw ng mga tao, bilang kanilang tanging kasagutan at pagpapakahulugan sa kakumbakitan ng buhay-tao, ang tanging kabuluhan ng kariyanang-tao. Sa ibang sabi, ito ang kabuuan ng karunungan praktikal na natutuhan ng mga tao mula sa aklat ng tunay na buhay—sa kanilang katutubong karanasan. Kaya ang katutubong

pilosopiya ng isang lahi ay tumutukoy sa kalipunan ng kanilang mga paniniwala, pagkukuro, pangangatwiran, pagpapahalaga, at paghahaka tungkol sa kalikasan ng buhay, at kung papaano mabuhay nang matiwasay alinsunod sa kinikilalang mga katotohanan at mga pagpapahalaga na kinakailangan upang magkaroon ng isang maayos at masayang pamumuhay.

Bakit bumalangkas ang tao ng katutubong pananaw o paghahaka? Ito ang pinakamabigat na hamon na dapat harapin at isagawa ng tao dahil sa kaniyang pagkakaroon ng katwiran. Ito rin ang tanging dahilan kung bakit sinabi ni Aristotle mismo na “Likas sa lahat ng tao ang magnasang makaalam” (Aristotle *Metaphysics*, Bk. 1, 1; Kaplan *Pocket Aristotle* 108). Kaya ang “magnasang makaalam” (*the desire to know*) ay hindi monopolyo o pag-aari ng iisang tao o iisang lahi lamang. Maging sino ka man, Griyego, Amerikano, Tsino, o Pilipino, likas sa iyo ang magnasang makaalam tungkol sa kahiwagaan ng buhay.

Tanggapin naman natin o hindi, bawat tao ay isilang na wala sa kaniyang kaalaman at pagkatapos ay mamamatay naman siya laban sa kaniyang kalooban. Hindi niya pinili ang kaniyang pagiging tao, lalo na ang kaniyang likas na kasarian (*gender*), maging babae man siya, lalaki, sa pagitan o kaya’y alanganin! Kaya ang pagiging tao ay isang nakalilitong suliranin, at marahil ang kaniyang buhay ay siya nang pinakamabigat na kalituhan. Ito ang nakapanlulumong kalagayan ng tao sa daigdig na damdam ng bawat indibidwal. Ito nga ang pagtataakang pampilosopiya na siyang pumukaw kina Plato at Aristotle, ang tanging katotohanan na natuklasan ni Siddhartha Gautama (Burt *Teachings* 1955), ang kawalang-kabuluhan na siyang lumigalig kay Haring Solomon (*Ecc.* 1:2); at ang kabalighuan na siyang bumagabag kina Albert Camus (1958), Jean-Paul Sartre (1964), at iba pang pantas na eksistensiyalista (Fromm *Heart* 116-122; *Sane Society* 29; *Psychology* 22).

Dahil nga sa di-matingkalang kasalungatan ng buhay, ang tao’y di mapalagay. Mula nang magkamalay hanggang sa siya’y mamatay, lagi siyang naliligalig at nababagabag. Siya’y uhaw sa tunay na kabuluhan ng pagiging tao, pagkat ang pagkabuhay ay isang malaking ***katanungan*** na nangangailangan ng kaukulang kasagutan. Hindi niya maiiwasan ang maghanap ng kaliwanagan sapagkat ang buhay niya mismo ay nangangailangan ng karampatang paliwanag. Nararamdaman niyang kailangan ang isang

pamantayang pangkaisipan (*conceptual framework*), isang panuntunang-paliwanag (*frame of reference*) o panukatang-pananaw upang mapawi ang kaniyang pagkaligalig. Hindi na mahalaga kung sa tingin ng iba ang kaniyang batayang pangkaisipan ay maaaring ikasasama niya o ikabubuti sapagkat kahit na iyong pinakamasamang panukatan ay mas mabuti na kaysa iyong walang-wala. Hindi niya basta maaaring ipagwalambahala ang bagay na ito. Kailangan niya ang isang uri o sistema ng pagpapaliwanag (*frame of orientation*), para lamang maibsan at mabigyang-kasiyahan ang kaniyang pagtataka at pag-uusisa (Fromm *Man for Himself* 48-55).

Kaya sa katagalan ng panahon at maunday na takbo ng kanilang pangkasaysayang pagsulong, ang mga tao—sa anumang dako ng mundo—sa hangad nilang mabigyan ng kaukulang katugunan ang suliranin ng buhay ay unti-unti silang bumuo’t bumalangkas ng ilang hugis-pag-iisip na ginagawang sanggunian at batayan ng pagpapaliwanag, pagpapakahulugan, at pangangatwiran (*socio-cultural valuations*) tungkol sa mga bagay-bagay at mga samot-samot ng kariyanang-tao. Sa kalaunan, ang mga ito ay siyang nagiging mga sangkap ng kanilang katutubong pilosopiya at pandaigdigang pananaw o pilosopiya sa buhay. Nakapaloob na rin sa kanilang katutubong pananaw ang kanilang binuong sistema ng pagpapahalaga na tumutukoy sa karapat-dapat at kanais-nais na mga huwaran ng wastong pag-uugali na katanggap-tanggap sa mga taong-bayan upang manatiling matatag ang kanilang kultura, lalo na ang pamilya. Ito ang mga makataong alituntunin, mga simulaing pang-asal, pangkaisipan, at panrelihiyon, at kabilang na rin ang pagpapahalagang pansariling disiplina.

Katutubong Wika at Pag-iisip

Ang wika ay pinakadakilang likha o imbensiyon ng tao. Kung walang wika ay maaaring hindi naganap ang iba pang imbensiyon. Sa pamamagitan ng wika ay napanatili o napreserba ng tao ang kani-kaniyang kultura—hindi lamang ang kaniyang mga katutubong kaalaman kundi pati na ang mga tuklas niyang pang-aham at panteknolohiya. Sa pamamagitan din ng wika ay naipamana ng ating mga ninuno ang kanilang kultura at tayo naman ngayon ang siyang maglilipat—sa pamamagitan din ng wika—ng ating mga umiiral na kaunlarang pangkaisipan para sa mga sumusunod na henerasyon (Copi *Introduction* 55-85).

Nagkatali-tali ang wika, pag-iisip, kultura, at lipunan, kaya ang uri ng pag-iisip at kaugalian ng mga mamamayan ay nalalantad sa ginagamit nilang mga salita, mga kawikaan, at mga kasabihan. Sa katunayan, ang pag-iisip at ang wika ay magkakabit sapagkat ang wika ay tagadala ng pag-iisip. Kaya habang pinakikinggan ang sinasabi ng mga taong-bayan ay higit namang mauunawaan ang kanilang pangangatwiran, paghahaka, pagkukuro, at pananaw sa buhay. Higit pa rito, ang katutubong pag-iisip ng mga taong-bayan ay humuhulma hindi lamang sa kanilang pilosopiya ng buhay o pandaigdigang pananaw, kundi pati na rin sa kanilang pagkatao, pag-uugali, pala-palagay at pagpapakahulugan tungkol sa mga pangyayari’t mga katayuan sa buhay. Kaya masisinag sa estilo ng pag-iisip ng mga tao ang kanilang kaalamang pantao, pangkatunayan, pandaigdig, at pang-Diyos (Timbreza *Mga Hugis* 1-6).

Totoo rin ito sa mga Pilipino. Mayroon din silang mga hugis ng pag-iisip o katutubong pilosopiya na nasasalamain sa mga kaugalian, mga wikain at kawikaan, mga talinghaga o parabula, at iba pang uri ng karanasang sangka-Pilipinuhan. Mahihinuha rin sa mga ito ang angking pananaw at paniniwala ng mga mamamayan tungkol sa kalikasan ng buhay-tao at ang kabuluhan nito. Kaya ang katutubong hugis ng pag-iisip ng sangkabansaan ay panulukang-bato ng pilosopiyang Filipino. Ngayon, dahil sa nakahabi ang katutubong pananaw o pag-iisip ng mga Pilipino sa kayarian o estruktura ng kanilang wikang ginagamit ay maaaring pagitawin, pag-aralan, at tarukin ang pag-iisip at pilosopiya ng mga taong-bayan sa pamamagitan ng pagsusuri, pag-aaral, at pagninilay sa kanilang katutubong wika.

Katutubong Kaalaman at Karanasan

Sa pagtutulungan ng isipan at ng mga pandama ay nagkakaroon tayo ng kaalaman tungkol sa mga bagay-bagay na ating nakikita at nararanasan sa ating pakikisalamuha sa buhay. Alalaumbaga’y ang ating mga katutubo’t angking karanasan ay ***buhay na aklat*** na nababasa natin, ‘ika nga, o natutunghayan, at pinagkukunan ng ating natatanging mga katutubong kaalaman tungkol sa iba’t ibang aspekto ng katunayan, maging ito man ay pang-Diyos, pantao, pandaigdig, at iba pa. Kaya kung ating pakaiisipin, ang kalikasan mismo ***ang ating unang guro*** na nagturo at nagkaloob ng ating katutubong karanasan at kaalaman sa buhay

at upang masabi at maipahayag ang ating kaalaman ay lumikha at bumuo ang tao ng iba-ibang tunog (*sounds*) o mga salita (*words or terms*) na kakasangkapanin o tagadala ng anumang pag-iisip o kaalamang ating ipinahahayag o sinasabi.

Dahil magkakaiba tayo ng kultura ay magkakaiba rin ang mga tunog o mga salita na ating binuo't nilikha bilang pantukoy sa iba-ibang bagay sa ating kapaligiran. Halimbawa, nilikha ng mga Pilipino ang tunog (*sound*) at salitang (*word*) "*upuan*" na pantukoy sa isang kasangkapan sa bahay na siyang tinutukoy naman ng tunog at salitang "*chair*" sa wikang Ingles; gayundin sa ibang kultura, iba-ibang tunog o salita rin ang nilikha nilang pantukoy sa tinurang kasangkapan. Sa madaling salita, kung gaano karami ang wika o wikain sa buong daigdig ay ganoon ding karami ang mga tunog at mga salita (*sounds or terms*) na binuo ng iba-ibang tribu at lahi na siyang patukoy sa "*upuan*," "*bahay*," "*diyos*," "*tao*," "*hayop*," "*ilog*," "*dagat*," at iba pa (Timbreza *Logic* 3-6).

Dahil nga sa tinurang mga dahilan ay lalo nating mauunawaan kung bakit nagkaroon ang mga tao sa iba-ibang dako ng mundo ng napakaraming magkakaibang wika at mga wikain, magkakaibang kultura, magkakaibang pangangailangan, at magkakaibang katutubong pilosopiya at pananaw bilang kasagutan at pagpapaliwanag sa mga pangyayari sa buhay. Para sa ibang taong nabubuhay sa isang kultura ay maaaring hindi katanggap-tanggap ang isang kultura o katutubong pananaw sa buhay ng ibang tao; subalit ang mahalaga ay tanging kabuluhan, katiyakan, at kasiyahan tinatamasa at idinudulot ng anumang kultura o katutubong pananaw para sa buhay ng mga taong bumalangkas o tagatangkilik nito. Tulad nang isinasaad ng isang kasabihan, ako ay bukod tanging ako at ikaw naman ay bukod tanging ikaw dahil sa ating katutubong kultura. Kaya naman higit tayong nauunawaan ng iba sa pamamagitan ng pag-unawa nila sa ating kultura; at gayundin tayo sa kanila.

Kaya naman kinakailangang tunguhan at saliksikin ang panitikan o literaturang Filipino, maging ito man ay isinulat o saling-bibig. Ito ay isang malikhaing paraan ng pagpapagitaw, pagpapalutang, at pagpapakahulugan sa mga diwang nakakubli sa panitikang-bayan na nakapaloob ang katutubong karanasan at hugis ng pag-iisip ng mga taong-bayan. Ang likas na yaman ng literaturang-bayan—maging ito man ay Ilokano, Tagalog, Cebuano, Tausug, Maranao, Bikolano,

Pampanggo, Maranao, Boholano, Panggasinense, Ibanag, Igorot, Waray, Ilonggo, Ivatan, atbp.—ay maihalalintulad sa isang malalim na balon na naglalaman ng mga katutubong awitin, tula, salawikain o kasabihan, talinghaga, paniniwala, kuwento, alamat, epiko, mga parabula, mga metapora, atbp. Habang pinagninilay-nilayan mo ang mga laman nito ay higit mong malalaman at mauunawaan ang kultura, kaugalian, pag-iisip, at pagkatao ng mga taong-bayan, kasama na ang estruktura ng lipunang Filipino.

Kinakailangan lamang dito ay hindi lamang ang masinop na pananaliksik, matimtimang pagsusuri, at malalimang pagbabalangkas-diwa, kundi ang taos-sapulong pagsisikap at pagtitiyaga ng isang taong may hilig-pilosopiko upang misagawa ang malakihang pag-unawa at malawakang artikulasyon na ikasusulong ng kulturang pag-iisip. Isang malaking hamon ito para sa mga Pilipinong dalubguro ng pilosopiya at sa sinumang nagmamahal at mayroong pagmamalasakit sa katutubong pilosopiya (Timbreza *Intelektwalisasyon* 3-8).

Paglalahad ng Katutubong Pilosopiya

Bilang pagpapatunay at pagbibigay-halimbawa na bawat lipunang tao ay totoong mayroong natatanging katutubong pilosopiya o angking pananaw sa buhay na nagpapaliwanag at kasagutan nila sa mga kaganapan o pangyayari sa buong santinakpan, ay maglalahad tayo ng tig-isang natatanging uri ng katutubong pananaw na matutunghayan sa kulturang Tsino—ang tinataguriang ***Tambalang Yin-Yang***; sa kulturang Hindu—***Ang Konsepto ng Nirvana***; at pagkatapos ay ating isusunod naman ang isang katutubong pag-iisip ng mga Pilipino—***Ang Metapora ng Gulong***. Ating mahihiwatigan sa mga ito ang bukod-tanging paghahangad ng tao na sagutin, ipaliwanag, at bigyang kahulugan ang mga pabago-bagong kalagayan at mga kahiwagaang nangyari, nangyayari, at mangyayari pa sa buhay sa mundo, para lamang mabigyang kasiyahan ang kaniyang pagtataka at pagkamausisa.

Tambalang Yin-Yang

Ayon sa kulturang Tsino, umano'y mayroong dalawang pansanlibutang puwersang nananaig sa buhay, sa kalikasan, at sa buong daigdig: ang **yin** at ang **yang** (Feibleman *Understanding* 86-87). Isinasagisag ng *yin* ang negatibong prinsipyo, at ng

yang ang positibong prinsipyo. Sa ibang sabi, ang *yin* ay sagisag ng dilim o gabi, at ang *yang* naman ay sagisag ng liwanag o araw. Ang turing sa kanilang ugnayan ay tambalang yin-yang sapagkat ang dalawa ay likas na magkatambal at hindi magkasalungat. Hindi isang oposisyon o pagkakasalungat ng dalawang prinsipyong magkasalungat—kundi tambalan—ang pag-uugnayan ng dalawa. Mula sa kanilang pag-uugnayan at interaksyon ay nagsilitaw at nagsilabas ang iba’t bang bagay sa daigdig: ang langit at ang lupa, ang lalaki at ang babae, ang kabutihan at ang kasamaan, ang itaas at ang ibaba, ang init at ang lamig, ang tuyo at ang basa, ang matigas at ang malambot, ang tagumpay at ang kabiguan, ang kalakasan at ang kahinaan, ang kaligayahan at ang kalungkutan, ang mayaman at ang dukha, ang madali at ang mahirap, ang kalusugan at ang karamdaman, ang buhay at ang kamatayan (Blakney *Way of Life* 24-25).

Ang mga aspektong yin-yang ng buhay ay hindi magkakasalungat o magkakahidwaan, bagkus ay hindi sila mapaghihiwalay sa isa’t isa. Ang kanilang tambalan ay nagbibigay ng armonya sa mga bagay at kaayusan sa mga nilalang. Maihahalintulad sila sa dalawang magkaiba ngunit di-mapaghihiwalay na mga tabi o mukha ng pera, ang mga polo ng batubalani, at ang positibo’t negatibong mga polo ng koryente. Sa ibang sabi, lahat ng bagay ay magkakaugnay-ugnay. Kapuwang ipinahihiwatig ng isa ang kaniyang katambal, at kapuwang magkasala-salalay sa isa’t isa. Kapuwang nagkakapupunan sa isa’t isa; ang kakulangan ng isa ay pinupunan ng katambal niya. Kaya kung mayroong pagsilang ay mayroon ding kamatayan. Kung may lumbay ay mayroon ding kaligayahan; kung may hirap ay may ginhawa rin naman; kung may kabiguan ay may tagumpay rin, tulad ng kung may umaga ay may hapon din (Watts *Tao* 18-36).

Sa kanilang katutubong pag-iisip, hangga’t maaari ay sinisikap ng mga Tsino na pagtimba-timbangin ang mga magkakasalungat pero magkakaugnay na aspekto ng buhay upang sila’y magkakaroon ng armonya sapagkat hindi sila maaaring magkahiwalay—kung wala ang isa ay wala rin ang katambal. Taos-pusong tinatanggap nila ang mga positibo at negatibong aspekto ng buhay nang walang daing, himutok o panimdim. Tinatanggap nila ang mga ito nang buong hinahon, katahimikan, at maluwag sa kalooban; sapagkat para sa mga Tsino, ito ang landas ng buhay (*Tao*) o kalikasan, ang likas na takbo o sining ng tunay na pamumuhay.

Diumano, ang pag-iisip na ito ang tanging lihim hindi lamang nang lubos na kahinahunan, kapayapaan, at katahimikan, kundi lalo na ng lakas-loob ng mga Tsino, kaya tinatanggap nila nang buong hinahon ang anumang kalagayan o pangyayari bilang bahagi ng kariyanang-tao. Halimbawa, sakaling mabibigo sa isang uri ng negosyo, itinuturing itong bahagi ng aspektong yin ng buhay, kaya dapat tanggapin ang kabiguan nang buong hinahon na walang pagsisisi at panghinanakit; at umaasa na hahalinhan din ito ng tagumpay sa ibang larangan ng buhay. Patunay lamang ito tungkol sa kahalagahan ng katutubong pilosopiya na binabalangkas ng mga Tsino upang magsilbing gabay at sukatan ng kanilang pag-unawa at pagpapaliwanag ukol sa lahat ng pangyayari sa buhay (Timbreza *Quest* 18-20).

Katutubong Konsepto ng Nirvana

Ang panulukang-diwa naman ng katutubong pilosopiya ng mga Hindu tungkol sa suliraning pangkabuluhang-buhay ay ang konsepto ng *nirvana*. Ito ang kanilang pagpapaliwanag at pagbibigay-katwiran tungkol sa kahiwagaan ng buhay-tao, lalong-lalo na sa katotohanang kailangan tayong isilang, kailangan din tayong mamatay, at kailangan pa ring isilang tayong muli kapag tayo’y mamamatay, bago tayo isisilang na naman. Ibig sabihin, kailangan natin ang paulit-ulit na pagsilang at paulit-ulit na pagkamatay. Naniniwala ang mga Hindu na ang puspos na kaligayahan ay nakasalalay sa nirvana. Ayon sa kanila, ang nirvana ay siyang huling yugto ng buhay pagkatapos na makalaya ang kaluluwang tao mula sa tanikala ng paulit-ulit na pagkamatay at paulit-ulit na pagsilang o pagmumuling-buhay (*reincarnation*) (Blakney *Way of Life* 24-25; Watts *Tao* 18-36).

Ayon sa katutubong pag-iisip ng mga Hindu, kapag namatay ang isang taong mayroon pang dungis o kasalanan, ang kaniyang kaluluwa diumano ay maglalakbay at papasok sa katawan ng isang bagong silang na tao o hayop (*transmigration*) upang doon siya muling mabuhay at magbayad-utang sa nagawa niyang kasalanan. Habang naglalakbay o nabubuhay muli ang kaluluwa ay lalo namang naghihirap ito kaya ang maituturing na impiyerno para sa mga Hindu ay ang mundong kasalukuyan. Tungkol dito, si Gautama Buddha mismo ang nagturo na ang katandaan ay pagdurusa, o paghihirap; ang pagkakasakit ay paghihirap; ang kamatayan ay paghihirap;

ang pagkakasubo sa anumang di-nagugustuhan o inaayawan ay pagdurusa; ang pagkawalay sa anumang pinahahalagahan at minamahal ay paghihirap; ang pagkabigong makamtan ang sariling ambisyon ay paghihirap; sa madaling salita, ang mabuhay ay pawang pagdurusa (Burt *Teachings* 25-29; Gaer *Great Religions* 45-46). Dahil dito, diumano'y kinakailangang makaiwas agad ang tao sa mundong ito sa lalong madaling panahon.

Ngunit hanggang sa hindi pa natutubos ng tao ang kaniyang sarili mula sa kasalanan, ang kaniyang kaluluwa diumano ay muli't muling isisilang sa iba't ibang katawan. Kapag lubusan nang malinis ang kaniyang kaluluwa ay iyon na ang kaniyang pagkatubos (*moksha*) at paglaya mula sa siklo ng pagmumuling-buhay at iyon na rin ang katapusan ng pagkakaroon niya ng kariyanang indibidwal (*individual existence*). Iyon na ang pagkamit niya ng nirvana, ang kalugud-lugod na kaligayahan, na magwawakas ang lahat ng pasakit, ligalig, o paghihirap; at ang kaluluwang tao'y makikiisa na sa *Brahman*, na siyang kabuuan ng puspos na kaligayahan.

Katutubong Metapora ng Gulong

Ang metapora ay isang paghahalintulad o paghahambing ng dalawang bagay. Ayon kay Paul Ricoeur (1973), isang bantog na pantas ng herneneutika. Ang metapora ay isang di-masasaid na sisidlan ng mga kabuluhan [*"A metaphor is an inexhaustible repository of meanings"*]. Kung minsan ang tawag sa metaporang ito ay "Gulong ng Buhay" o "Gulong ng Palad" at tinatagurian ding "pabilog na konsepto ng kalikasan." Sapagkat ang kalikasan diumano ay pinanaigan ng siklikong proseso, isang disenyo ng paglitaw at pagkaparam, pagsilang at pagkamatay, pagliit at paglaki, pagdilim at pagliwanag (Timbreza *Intelektwalisasyon* 65-74).

Sa kulturang Pilipino, ganito ang teksto ng katutubong metapora ng gulong na natatanging bahagi ng katutubong pilosopiya ng mga taong bayan: "Ang buhay ng tao'y isang gulong ang kahalintulad, ang bahaging nasa ilalim ngayon ay nasa itaas naman bukas." "Ang buhay ng tao'y gulong ang kahambing, ang bahaging nasa itaas ngayon, bukas naman ay nasa ilalim" (Timbreza *Sariling Wika* 130-143; *Quest* 20-23). Habang pinagninilay-nilayan natin ito ay lalong mauunawaan at mapagigitaw ang kabuluhang sadyang batay sa katutubong karanasan ng mga Pilipino. Sa

idyomang Ingles, habang binabasa mo ang pagitan ng mga linya ng tinurang teksto ay lalo namang lumilitaw ang tanging pananaw sa buhay ng mga taong bayan. Dito kakailanganin ang pagsisikap ng isang masinop na tagapagitaw (*discloser or articulator*) upang maibunyag at maipahayag ang nakapaloob na pag-iisip.

Matutunghayan sa metaporang ito ang limang magkakaugnay na katutubong pananaw o pilosopiya sa buhay ng mga Pilipino: ang 1) pilosopiya ng kasandalian, 2) pilosopiya ng pagbabago, 3) pilosopiya ng pag-asa, 4) pagbabalanse ng kalikasan, at 5) batas ng panunumbalik (Timbreza *Hugis* 37-41; *Pilosopiya sa Buhay* 40). Ating mapapansin na habang hinihimay at pinagnilay-nilayan ang mga ito ay hindi lamang tayo nakababalangkas ng mga pananaw kundi nakabubuo rin tayo ng panibagong mga salita na nagpapaibayoy sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

Pilosopiya ng Kasandalian: Lahat ay pansamantala at panandalian. Tulad ng gulong, pansamantala lamang ang bahaging nasa itaas, maya't maya'y nasa ilalim na naman ito at ang bahaging nasa ilalim naman ang pumaitaas. Kaya ayon sa mga Tagalog, "Araw mo ngayon ay sisikat, sa iba naman bukas. Ang katulad mo'y isang bulaklak, kung umaga'y sakdal tingkad, at sa hapo'y kumukupas." Lumilipas ang kayamanan at gayundin ang lakas at ang kapangyarihan. Unti-unti ring humihina ang tawag ng laman o seksuwalidad habang nagkakaedad o tumatanda ang isang tao, hanggang sa kusa na lamang itong mapaparam. Sadyang ganyan ang buhay sa mundo.

Pilosopiya ng Pagbabago: Lahat ay nagbabago, walang mananatili, tulad din ng patuloy na paggulong ng gulong, paikot-ikot, pagulong-gulong, pagbabago, at pabalik-balik. Gayundin naman ang mga kalagayan at mga katayuan sa buhay; kung ngayon ay masaya ka, mayroon ding panahon na malungkot ka; maaaring ikaw ngayon ay malusog pero hahalinhan din ito ng karamdaman. Malakas at bata ka pa pero sa kalaunan ay manghihina ka rin at tatanda. Makararanas ka ng tagumpay pero makatitikim ka rin ng pagkabigo sa buhay.

Pilosopiya ng Pag-asa: Habang may buhay ay may pag-asa. Ito ang pananalig na nagbibigay ng lakas-loob at katatagan sa mga Pilipino. Sila'y naniniwala na paitaas-pababa at pababa-paitaas ang mga katayuan ng buhay-tao sa mundo. Tulad ng gulong, ang bahaging nasa itaas ngayon ay siyang nasa ibaba naman sa mga sumusunod na sandali, ang nasa ibaba ay nasa itaas din

habang patuloy ang paggulong at pagpihit ng tinurang gulong. Gayundin ang mga pangyayari sa buhay ng bawat indibidwal. Kung ngayon ay may luha, sa ibang araw naman ay may tuwa. Kung ngayon ay may hirap, bukas naman ay may sarap. Pagkalipas ng dilim ay hahalinhan din ng liwanag.

Pagbabalanse ng Kalikasan: Isinasaad din ng metapora ng gulong ang tungkol sa pananaig ng tanging ugmaan o balanse ng mga pangyayari, katayuan, o kalagayan sa buong kalikasan—tulad ng salitan ng tag-araw at tag-ulan, araw at gabi, liwanag at dilim, taog at kati, umaga at hapon—at gayundin ng buhay ng bawat tao. Halimbawa, may ugmaan ng kabutihan at kasamaan, kalakasan at kahinaan, kagandahdan at kapangitan, kapurihan at kapintasan, kaligayahan at kalungkutan, tagumpay at kabiguan, kabanguhan at kabahuan, kalusugan at karamdaman sa buhay ng bawat indibidwal.

Ang tinurang ugmaan o pagbabalanseng ito ay tinatagurian ding *holistikong pananaw sa buhay* ng mga Pilipino. Isinasaad nito na ang buhay ay tambalan ng lungkot at ligaya, hirap at ginhawa, pait at tamis, bigo at tagumpay. Ibig sabihin, hindi natin maaaring angkinin ang lahat ng kabutihan o lahat ng kasamaan sa buhay; may kani-kaniyang malas at suwerte ang bawat tao. Hindi maaaring mapasaiyo ang lahat ng suwerte sa buhay; mayroon ka ring malas. Hindi maaaring monopolisahin o ariin ninuman ang lahat ng tagumpay o pawang kaligayahan lamang. Sapagkat makararanas din tayo ng kasawiampalad, pagkabigo, at kalungkutan.

Kung palaging umaasa ka ng pawang tamis, ginhawa, at ligaya sa buhay, tiyak na ikaw ay mabibigo sapagkat mayroong pagbabalanse ang kalikasan na isinasagisag ng gulong. Kung may tamis ay mayroon ding pait; kung may sarap ay mayroon ding saklap. Kung may kabataan ay mayroon ding namang katandaan [kaya tatanda rin kayo!] at kung may pagsilang ay mayroon ding kamatayan. Iyan ang buhay natin sa mundo.

Batas ng Panunumbalik. Ito ang konseptong karma ng mga Pilipino. Umano, ang gawain at inaasal ng isang tao ay mapapala rin niya sa buhay. Manunumbalik at tatalab sa kaniya ang magiging bunga ng kaniyang gawain at pag-uugali. Hitik ang mga kasabihang nagpapatotoo nito: “Kung ano ang iyong itinanim ay iyon din ang iyong aanihin.” “Kung ano ang gawa ay siyang mapapala.” “Kung may tiyaga ay may nilaga.” Kung gagawa ka ng masama

ay gagawan ka rin ng masama. “Pagkat anuman ang panukat mo ay iyon din ang panukat ng iba sa iyo.” Kung galit ka sa iyong kapuwa ay galit din sila sa iyo. Sapagkat ang gagawin mo sa iba—mabuti man o masama—ay bumabalik sa iyo.

Ang pangalawang aspekto nito (panunumbalik): Anuman ang inutang mo, iyon din ang babayaran mo. Ayon sa mga taong-bayan, “Kung buhay ang inutang, buhay rin ang kabayaran” at “Kapag hangin ang itinanim, bagyo ang aanihin.” Samakatwid, naniniwala ang mga Pilipino kung anong uri ng utang ay magtatakda rin ng uri ng kabayaran. Kung ikaw, halimbawa, ay mapagsamantala, malamang na balang-araw ay pagsasamantalahan ka rin. Kung ikaw ay mapanlamang, isang araw ay mayroon ding manlalamang sa iyo. Kung tinampalasan mo ang karapatan ng iyong kapuwa, isang araw ay mayroon ding tatampalasan sa iyo. Kung dinaraan mo ang lahat sa dahas, ikaw ay magiging biktima rin ng karahasan balang-araw. Tinitiyak ng taong-bayan, “Walang hindi magagantihan maliban ang hangin lamang.”

Ang pangatlong kawili-wiling aspekto ng batas ng panunumbalik ay paniniwalang “Anumang gawin ng tao ay nararamay pati inapo.” Ibig sabihin, ang utang ng mga magulang ay magiging utang din ng kanilang mga anak. Kapag hindi mo mababayaran ang iyong utang, ang iyong mga supling o kamag-anak ay silang magbabayad. Kapag ang isang magulang, halimbawa, ay nagkasala sa kaniyang kapwa at hindi niya mababayaran ito sa tanang buhay niya, malamang na isa sa kaniyang mga anak ang siyang magbabayad. Kung nagtaksil siya sa isang katipan ay maaaring pagtaksilan din ang isa sa kaniyang mga anak na dalaga o kaya’y isang apong babae. Tulad ng paghahaka ng mga Ilonggo, “*Casing-casing mahilis, casing-casing iilis*” (sinumang sumira ng puso ay babayaran din niya ng kaniyang puso). Kaya kapag pinagsamantalahan mo ang isang babae, maaaring pagsamantalahan din ang iyong sariling asawa (lalo na kung iiwan mo siya at pupunta ka sa ibang bansa, tulad ng mga OFW).

Ang pang-apat na isinasaad ng batas ng panunumbalik: “Anuman ang gagawin mo sa iyong mga magulang ay gagawin din sa iyo ng iyong mga anak.” Palasak ang pagkukuro ng mga Pilipino na kung ano ang inaasal mo sa iyong mga magulang ngayon ay iyon din ang magiging pagtrato sa iyo ng mga magiging anak mo. Kung salbahe’t suwail ka sa iyong ama’t ina ay magkakaroon ka rin ng salbahe’t suwail na anak.

Kung hindi ka marunong tumanaw ng utang na loob sa iyong mga magulang ay tiyak na manunumbalik ito sa iyo. Magkakaroon ka rin ng anak na siyang magpapahirap at magpapahamak sa iyo.

Ang panlimang aspekto nito ay: “Sinumang nabubuhay sa karahasan ay mamamatay rin sa karahasan.” Ipinangangaral ng mga taong bayan na kung gagamit ka ng karahasan, karahasan din ang babalik sa iyo. Kaya sabi ng mga Ilokano, “Ang taong humahawak ng sundang ay siyang masusugatan.” Sapagkat naniniwala ang mga Pilipino na ang dahas ay magagantihan din ng kapuwa dahas. Ang masama ay nagbubunga rin ng masama. Kung umutang ka ng buhay ng may buhay, tiyak na babayaran mo rin ng kapuwa buhay. Sa pagkukuro ng mga Tagalog, “Ganti-ganti katwiran, kung sino ang may utang, siya rin ang may babayaran.”

Bilang lagom, ang batas ng panunumbalik ay bukod-tanging isinasaad na ang kahihinatnan ng isang tao sa buhay ay siyang bunga o resulta ng kaniyang pag-iisip, mga gawa, mga bisyo, inaasal o pag-uugali. Ang magiging katayuan niya sa buhay ay siyang kabuuang bunga ng lahat ng kaniyang pinag-aralan, mga ginawa at di-ginawa, mga pagpapahalaga, at mga desisyon o paghuhusga—mabuti man o masama ang mga ito. Ang mga ito rin ang bumubuo sa kaniyang tunay na pagkatao—ang kaniyang talambuhay.

Paglalahom at Kongklusyon

Pinatutunayan ng ating paglalahad ng ilang sangkap ng katutubong pilosopiya na matutunghayan hindi lamang sa kulturang Tsino at kulturang Hindu, kundi sa kulturang Pilipino rin. Tama nga si Aristotle, ang pagkauhaw sa karunungan ay hindi monopolyo o pag-aari ng iisang lahi o isang piling pangkat ng mga tao lamang. Ang pilosopiya ay para sa lahat sapagkat likas sa bawat tao ang mag-usisa at magnasang makaalam. Ang pamimilosopiya ay hindi namimili ng lahi, kultura, o wika. Hindi ito nagtatangi ng kasarian. Ang kaalaman ay hindi panlalaki o pambabae lamang sapagkat ang katotohanan ay para sa lahat.

Ang pilosopiya ay bumubukal mula sa karanasang tao, ayon sa mga eksistensiyalista at mga penomenologo. Kaya naman ang mga Pilipino—tulad ng mga Tsino at mga Hindu—ay mayroon ding katutubong karanasan na kasing-yaman ng mga karanasan ng ibang tao. Napakayaman ng karanasang Pilipino na

matutunghayang nakakubli sa kanilang mga literatura. Ang pilosopiya ng mga tao ay nakapaloob sa kani-kanilang katutubong kultura na itinaturo ng mga sosyologo at mga antropologo. Ang mga Pilipino ay mayroon din namang natatanging katutubong kultura na kasing-dakila ng ibang kultura sa mundo.

Bukod pa rito, ang estilo o hugis ng pag-iisip ng mga tao sa iba’t ibang kultura ay nakahabi sa kani-kanilang wikang ginagamit na siyang tahasang iginigiit ng mga dalubwika, mga estrukturalista at ng mga pantas ng wika at hermeneutika. Diumano, ang wika ay siyang tagadala ng pag-iisip. Ang mga taong bayan ay mayroon ding wikang Filipino—bukod pa sa kani-kanilang wikain o diyalekto—na kasing-yaman at kasing-ganda ng ibang wika sa daigdig.

Samakatuwid, hindi na kailangang maging Amerikano o Aleman upang magnasang mag-usisa at makaalam. Hindi na kailangang marunong ka ng Pranses o Ingles upang mamilosopiya at magtaka tungkol sa kabalintunaan ng buhay. Sapat na ang maging tao na mayroong katutubong karanasan, katutubong kultura, at katutubong wika. Tunay rin namang tao ang mga Pilipino.

Subalit ang kalagayan ng pilosopiyang Filipino sa ngayon ay nangangailangan pa ng lalong matinding intelektuwalisasyon at malalimang artikulasyon ng mga pantas na Pilipino mismo [alangan namang iasa pa natin ito sa mga dayuhan]. Hindi kusang uunlad ang anumang katutubong pag-iisip sa sarili nito. Uunlad lamang ito sa pamamagitan ng taong nag-iisip. Sapagkat ang pag-uunlad ng pag-iisip ay isang prosesong intelektuwal na nagaganap habang ang tao ay nag-iisip. Kaya magkakaroon lamang ng pag-iisip habang mayroong taong nag-iisip; at sa pamamagitan ng taong nag-iisip ay unti-unting umuunlad at lumalawak ang pag-iisip na kaniyang pinag-iisipan.

Anumang pampilosopiyang pananaw ay nag-uumpisa mula sa isang payak o simpleng ideya o konsepto. Habang minumuni-muni at binubulay-bulay ang simpleng ideyang ito ay lalo namang lumalago, lumalawak, at lumalalim ang kahulugan hanggang mauwi ito sa isang pananaw o prinsipyo na maaari namang balangkasin sa pagbuo ng isang uri ng pilosopiya. Ating napatunayan ito habang pinag-iisipan at hinihimay natin ang nakakubling mga katutubong pilosopiya sa *metapora ng gulong* ng mga taong bayan.

Dapat tayong mag-isip ng sarili nating pag-iisip at hindi ang pag-iisip ng iba. Tayo ay mamilosopiya ng

sarili nating pilosopiya at hindi ang pilosopiya ng ibang lahi. Sinumang namimilosopiya sa pamamagitan ng pilosopiya ng ibang tao ay walang sariling pilosopiya. Sinumang nasisiyahan na mag-isip sa pamamagitan ng pag-iisip ng iba ay salat sa sariling pag-iisip.

Higit sa lahat, alalahanin natin na tayo mismo ang ating kultura at ang ating wika naman ang ating sariling daigdig. Kaya habang pinayayaman at pinalalawak natin ang ating mga katutubong pag-iisip ay lalo namang yumayaman ang ating sariling wika at nag-iibayo rin ang ating pagkatao. Sapagkat ang ating wika at kultura ay kapuwa bumubuo ng ating pagkatao bilang mga mamamayang Pilipino. Ito ang malaking ambag at kahalagahan ng katutubong pilosopiya hindi lamang para sa pagsulong ng pambansang kultura kundi pati na rin sa ating bukod-tanging pagkakakilanlan bilang mga Pilipino.

Parabula ng Labintatlong Kaibigan ng Tao

Ngayon, bilang pangwakas ay nais kong ibahagi ang isang katangi-tangi at makabuluhang katutubong parabula ng mga taong bayan—***Ang Parabula ng Labintatlong Kaibigan ng Tao***. Ito ang ating tanging ambag sa hamon at matinding panawagan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte (2016) na samahan natin siya sa kaniyang “*rough ride towards real change*”—laban sa korupsiyon, ilegal na droga, at kriminalidad. Ang talinghaga o parabula ay isang kuwento na kapupulutan ng natatanging gintong aral sa buhay at angkop na angkop ito sa mga namamayagpag na problema ng ating bansa sa kasalukuyan. Ganito ang isinasaad ng tinurang parabula (Timbreza *Parables* 49-54).

Nang isilang diumano ang isang tao sa mundong ito ay kasama na niyang isinilang ang kaniyang labintatlong kaibigan. Habang lumalaki siya ay sumasabay ring lumalaki at gumugulang ang kaniyang labintatlong kaibigan. Sa kaniyang pagbibinata o kaya’y pagdadalaga ay sumasabay ring lumalaki at lumulusog ang kaniyang mga kaibigan. Kahit saan man siya naroroon, kahit saan man pumupunta, palaging kasa-kasama niya ang kaniyang labintatlong kaibigan. Maging siya man ay gising o tulog, namamasyal, nag-aaral, naliligo, naglalaro ng basketbol, nakaupo, nagbabasa ng komiks o aklat, nanonood ng pelikula, naglalakad man siya o tumatakbo, nakahiga o nakatayo, ay palaging nakadikit sa kaniya ang kaniyang labintatlong kaibigan.

Matatapat at masusunurin ang kaniyang labintatlong

kaibigan. Anuman ang kaniyang iniuutos ay kanilang tinutupad nang walang pasubali. Hindi sila marunong sumuway at hindi rin marunong umayaw. Lagi silang sumusunod sa kaniyang kagustuhan. Habang siya ay nanliligaw o di kaya’y nililigawan ay laging nakabantay sa kaniya ang mga kaibigan. Sakaling siya’y mag-aasawa, sasamahan din siya ng kaniyang labintatlong kaibigan sa harap ng altar; at kasa-kasama rin sila sa kaniyang pulut-gata at nakikibahagi rin sila sa sarap ng pulut-gatang tinatamasa ng dalawang bagong kasal. Kapag siya’y magkakasakit o mayroong karamdaman ay palaging nakadais at nakatabi sa kaniya ang mga kaibigan. Hindi nila siya iniwan! Higit sa lahat, kapag siya’y babawian na ng buhay o mamamatay, ang kaniyang labintatlong kaibigan din ang kusang maghahatid sa kaniya sa kaniyang huling hantungan—sa libingan, sa ***Himlayang Filipino***. Sama-sama silang maaagnas, magagapok, at magsisibalik sa alikabok na kanilang pinagmulan.

Ngayon, sinu-sino ang tinurang labintatlong kaibigan ng tao? Walang iba kundi ang mga sumusunod: *Ang kaniyang dalawang kamay, dalawang paa, at ang siyam na butas ng katawang tao*. At ano-ano naman ang siyam na butas ng katawang tao? Ang kaniyang dalawang mata, dalawang tainga, dalawang butas ng ilong, ang bibig, *at ang dalawang butas na nasa bahagi ng katawan na hindi nasisisikatan ng araw at hindi rin nasisinagan ng buwan*. Ang mga ito ang siyam na pintuan o mga siwang ng katawang tao.

Pagninilay at Paghahalimbawa

Hindi lamang kawili-wili kundi totoong napapanahon din ang malagintong mensahe ng tinurang parabula para sa bawat tao, lalong-lalo na para sa nakararaming Pilipino na nagugumon sa laganap na korupsiyon, ilegal na droga, at kriminalidad. Ipinagdirin nito ang pangunahing problema ng tao na walang iba kundi ang *problema sa sarili*. Totoo rin ito sa mga Pilipino. Kaya kung malulutas lamang ng mga Pilipino ang kanilang problema sa sarili ay malamang na madaling malulutas ang iba pang problema sa buong lipunang Pilipino.

Pero, ano nga ba ang problema sa sarili? Ito’y walang iba kundi ang sariling disiplina (*self-discipline*) Ang kahalagahan ng sariling disiplina ay hindi dapat ipagwalambahala ninuman. Napakahalaga nito hindi lamang para sa isang maayos na lipunan, mahusay na ugnayang tao, matibay at matatag na pamilya, tahimik

na tahanan, kundi lalo na para sa kapakanan, kabutihan, at kaligtasan ng isang indibidwal mismo.

Ang laganap na problema ng mga katiwaliang panlipunan, tulad ng *graft and corruption*, halimbawa, ang pagkagumon sa *illegal drugs*, talamak na *drug abuse*, *human trafficking*, *cybersex den or fantasy sex*, *robbery and snatching*, *bullying*, *sexual harassment and incestuous rape*, *conjugal cheating*, *extortion*, and *swindling*—lahat ng ito, at maraming pang uri ng krimen, ay mga sintomas ng kawalan ng sariling disiplina ng maraming Pilipino.

Upang lalo nating maunawaan ang bukod-tanging kahalagahan ng sariling disiplina, ay ating hihimayin nang isa-isa ang labintatlong kaibigan ng tao. **Unahin natin ang dalawang kamay:** Malimit na napapahamak tayo dahil sa karahasan ng ating mga kamay. Kung minsan ay kalikot tayo nang kalikot o hipo nang hipo—at kung sino-sino o ano-ano ang ating kinakalikot at hinihipuan. Ang pandaraya, panunuba, at pangongopya sa eksamen ay palatandaan din ng kawalan ng sariling disiplina. Kapag ikaw ay mangongopya o manloloko ng ibang tao, ibig sabihin ay hindi mo kayang pigilin ang iyong sarili. Ikaw ay sumusuko sa tukso ng masamang gawain kaya ikaw ay nabibilanggo sa kasamaan. Dahil sa makasariling layunin ay mangingibabaw sa iyo ang kamalian sa halip na ang kabutihan at ang pagkamakatwiran. Sa gayon ay salat ka nga sa sariling disiplina. Ang mga mandurukot ay dukot nang dukot sa bulsa ng may bulsa, o di kaya’y sa bag ng may bag, kaya napapasubo sila sa buhay. Madidisgrasya tayo kung hindi natin pipigilin ang kalikutan ng ating mga kamay, tulad ng panghoholdap, hulidap, *shoplifting*, *pickpocketing*, *kidnapping*, at *snatching*. Tungkol naman sa mga motoristang *trigger-happy*, kaunting aberya lamang sa trapik ay kaagad nang kakalabitin ang gatilyo ng kanilang baril at basta pagbabarilin ang kapuwa nilang motorista.

Ang dalawang paa: Malimit din tayong ipinahahamak ng ating mga paa. Kung minsan ay ating tinatapakan, sinisipa, tinatadyakan, o tinutuhod ang ibang tao. Mayroon ding mga pagkakataon na tayo ay lukso nang lukso, lundag nang lundag, lakad nang lakad, takbo nang takbo hanggang sa tayo ay matapilok at mapilayan. Kung hindi tayo maingat sa pag-akyat ng hagdan o punongkahoy, tayo’y mahuhulog at mababalian.

Ang mga mata: Kung minsan ay silip tayo nang silip, o di kaya’y ating pinagpipista ang ating mga mata sa mga bomba or *porno films*, *x-rated movies*, *sex videos*, at iba pang klase ng *cybersex* at *internet sex*.

Ang dalawang tainga: Ipinahahamak din tayo ng mga tainga. Madalas na kung anuman ang ating nababalitaan at naririnig tungkol sa ating kapuwa, maging mabuti man ito o masama, ay siyang ginagamit natin upang siraan o masamain sila—tulad ng ugaling pagtsitsismis at paninirang-puri.

Ang ilong at ang bibig: Lingid sa ating kaalaman ay madalas din tayong napapasubo dahil sa ating ilong at bibig. Mahilig tayong humalik at kung sino-sino na ang ating hinahalikan. Ang halik-dito-halik-doon ay siyang paboritong gawi ng mga taong may “number 2” o “number 3,” kaya lagi silang inaaway ng kanilang number 1.

Napakarami na rin ang nalululong sa ipinagbabawal na droga, sumisinghot ng rugby, tulad ng *solvent boys*, at yaong humihithit ng shabu, marijuana, at gumagamit ng *cocaine*, *valium*, *heroin*, *amphetamine*, *hallucinogen*, *ecstasy*, at *party tablets*. Kaya naman walang pakundangang inilunsad ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang puspusang pagpuksa sa pagkalat ng salot na droga sa buong bansa, hindi lamang upang masawata ang pagkasira ng pamilyang Pilipino, kundi alang-alang diumano para sa kaligtasan ng susunod na henerasyon ng mga Pilipino.

Talaga namang ang ating bibig ay malimit na nagpapahamak sa atin, bagama’t hindi natin namamalayan, o di kaya’y ating binabalewala at ipinagwawalambahala. Ang bisyong paninigarilyo o pananabako, walang sawang pag-inom ng alak, o paglalasing—lahat ng ito’y unti-unting pumipinsala sa ating kalusugan. Ang mga ito’y mistulang kalawang na unti-unting sumisira o kumakain sa ating buong katawan. Karaniwang nagkakaroon ng kanser sa бага, atay, pali, at bituka na bunga ng ulcer ng mga taong langong-lango sa alak at sigarilyo.

Ipinahahamak din tayo ng ating bibig dahil sa katakawan sa pagkain. Halimbawa, ang matatakaw sa matatabang pagkain ay nagkakasakit ng alta presyon dahil sa tumataas na kolesterol sa kanilang katawan, at kung tuloy-tuloy na ito ay mamamatay sila dahil sa *ataque de corazon*. Gayundin ang masisiba sa matatamis na ulam, unti-unti silang papatayin ng diyabetes. Kapag matakaw ka naman sa maaalat na pagkain, hindi magtatagal ay magkakaroon ka ng bato

sa pantog (*bladder*), sa apdo (*gall*) o sa bato (*kidney*); o di kaya'y aatakehin ka ng *arthritis*, rayuma o *gout*.

Bukod pa sa mga nabanggit, ipinahahamak din tayo ng ating bibig kung tayo ay masyadong madaldal, bungangera, tsismoso o tsismosa, at mahilig tayong manigaw o magmura sa ating kapuwa, kaya naman tayo ay madalas na napapaaway; dahil dito, kung hindi tayo a nananampal, tayo ang sinasampal.

Tungkol naman sa dalawang butas o siwang na hindi nasisikatan ng araw at hindi nasisinagan ng buwan: Kung lubos-lubos na patatangay ka sa mapanuksong tawag ng laman o seksuwalidad, tiyak na mapapahamak ka sa buhay. Anumang bagay kapag sobra ay hindi lamang nakasasama kundi nakamamatay rin. Ganito ang nangyayari sa mga taong gahaman sa seks kung kaya nagkakaroon sila ng HIV/AIDS at iba pang STDs (*sexually transmitted diseases*) tulad ng herpes, gonorya, at sipilis.

Lahat ng tinurang mga kaso ay tahasang nagpapatunay sa napakahalagang leksiyong moral na ipinararating ng parabula ng labintatlong kaibigan ng tao: *Ang natatanging kahalagahan ng sariling disiplina*. Maaaring ikaw ay isang matalik na kaibigan o isang mahigpit na kaaway ng iyong sarili mismo [*You yourself can become either your own best friend or your own worst enemy*]. Kung kaya mong kontrolin at pigilin ang iyong labintatlong kaibigan, ikaw ay magiging matalik na kaibigan ng iyong sarili at mapabubuti ka sa buhay. Subalit kung sila'y palalayawin mo at pasusupil ka sa kanila ay ikaw rin ang magiging mahigpit na kaaway ng iyong sarili at tiyak na ikaw ay mapasasama. Ganito nga ang nagaganap sa buhay ng mga taong tiwali, sugapa, at nalululong sa ipinagbabawal na droga; nawalan na sila ng sariling disiplina at naging alipin na sila ng kanilang masasamang bisyo—ang *drug addiction* gayundin ang korupsiyon.

Samakatuwid, dapat nating isaalang-alang na ang pinakamahirap na disiplinahin ay ating sarili mismo; pero kapag nadisiplina na natin ang ating sarili ay kakayanin na nating disiplinahin ang lahat nang dapat disiplinahin. Ang taong kayang disiplinahin ang kaniyang labintatlong kaibigan ay kaya ring disiplinahin ang lahat nang dapat disiplinahin.

Sa ibang salita, ang pinakamahirap disiplinahin ay ang ating labintatlong kaibigan subalit kapag natutuhan na natin silang disiplinahin ay kaya na nating disiplinahin ang lahat na dapat disiplinahin.

Sa kabila nito, kapag hindi mo kayang disiplinahin o kontrolin ang iyong labintatlong kaibigan, tiyak na sila mismo ang magpapahamak at pipinsala sa iyong sarili, sa iyong pagkatao. Ikaw ay siyang magiging alipin ng mga ito, sa halip na ikaw ang kanilang magiging panginoon. Ito ang pangangaral na binibigyang diin sa parabula ng labintatlong kaibigan ng tao.

Akmang-akma ito sa tinutukoy ni Pangulong Duterte (2016) sa panawagan niyang samahan natin siya sa bako-bakong biyahe patungo sa “Tunay na Pagbabago. Tinud-anay nga Kausaban”; upang matiyak nating ang pagbabagong ito ay totoong makahulugan at pangmatagalan, kinakailangang magsimula ito mismo sa atin, sa ating mga sarili—“*Change must start with us and in us*”—na walang iba kundi sa ating *sariling disiplina*. Hiling ni Pangulong Rody—tayong lahat ay sama-samang magkapit-bisig na gawin ang mga kaukulang hakbang upang baguhin ang ating mga sarili sa lalong madaling panahon—habang hindi pa huli ang lahat!

Bilang paalalang pangwakas—dapat nating alalahanin sa tuwi-tuwina na sadyang lumilipas ang kayamanan at gayundin ang sariling lakas o kapangyarihan. Unti-unti ring humihina ang tawag ng laman o seksuwalidad habang nagkakaedad ang tao hanggang sa kalaunan ay kusa na lamang itong mapaparam. Subalit ang natatanging kaginhawahang dinadala ng mabuting kalusugan at ang mga biyayang idinudulot ng sariling disiplina ay magtatagal habang buhay!

Sanggunian

- Aristotle. *Metaphysics*, Bk. 1, ch. 2. Print.
- Blakney, Raymond B. *The Way of Life, Lao Tzu. A Mentor Book*. New York: The American Library, Inc., 1955. Print.
- Burt, E. H., ed. *The Teachings of the Compassionate Buddha*. New York: The New American Library, Inc., 1955. Print.
- Camus, Albert. *The Plague*. New York: Alfred A. Knopf Inc., 1958. Print.
- Copi, Irving. *Introduction to Logic*. 5th edition. New York: Macmillan Publishing Co., Inc., 1978. Print.
- Duterte, Rodrigo Roa. “Inaugural Address.” *The STAR* (July 1, 2016), pp. 17, 19. Print.
- Feibleman, James K. *Understanding Oriental Philosophy*. A Mentor Book. New York: The New American Library, 1976. Print.

- Fromm, Erich. *The Heart of Man: Its Genius and Evil*. Vol. XII of *Religious Perspectives*. Planned and edited by R.N. Anshen. 12 vols. New York: Harper and Row, Inc., 1964. Print.
- _____. *The Sane Society*. Greenwich, Conn.: Fawcett Publications, Inc., 1965. Print.
- _____. *Man for Himself: An Inquiry into the Psychology of Ethics*. Greenwich, Conn.: Fawcett Publications, Inc., 1967. Print.
- _____. *Psychology and Religion*. New York: Yale University Press, 1967. Print.
- Hunt, Chester L. et al. *Sociology in the Philippine Setting*. Manila: Alemar's, 1954. Print.
- Kaplan, Justin D. ed. *The Pocket Aristotle*. New York: Washington Square Press, Inc., 1965. Print.
- Ricoeur, Paul. "The Task of Hermeneutics." *Philosophy Today*, XVII. Summer 1973. Print.
- Sartre, Jean-Paul. *Being and Nothingness*. Trans. By Hazel E. Burns. New York: Washington Square Press, 1964. Print.
- Timbreza, Florentino T. *Logic Made Simple for Filipinos*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc., 1992. Print.
- _____. *Mga Hugis ng Kaisipang Pilipino (Patterns of Filipino Thought)*. Manila: Rex Book Store, 1989. Print.
- _____. "Pilosopiya sa Buhay ng mga Pilipino." *The De La Salle University Graduate Journal*, XXV, No. 1. Manila: DLSU Press, Inc., 1990. Print.
- _____. *Intelektwalisasyon ng Pilosopiyang Filipino*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 1999. Print.
- _____. *Quest for Meaning: Philosophy Made Easy for Filipinos*. Quezon City: New Day Publishers, 2000. Print.
- _____. *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino*. Quezon City: C & E Publishing, Inc., 2008. Print.
- _____. *Philosophy of Parables: Values Education in Narratives in all School Levels*. Mandaluyong City: National Book Store, 2011. Print.
- Watts, Allan. *Tao: The Watercourse Way*. New York: Pantheon House Books, 1975. Print.